

Narinig mo na ba?

Sa malaking halagang $4,824 – o Mahigit pa – Maaaring Naghihintay Para sa Iyo!

Magpatala ng mga Binayarang Buwis upang Makuha ang mga Pakinabang buhat sa Iyong Kinita

Salaping Kinita mula sa Paghahanapnapbuhay (EIC) at Buwis na Binayaran para sa Bata (CTC)

- **Kung ikaw ay naghanapbuhay ng taong 2008, may mga batang tumira sa iyo at kumita ng mababa pa sa $39,000**

  O Kaya ay

- **Walang mga batang tumira sa iyo at kumita ka ng mababa pa sa $13,000**

Maaari kang makwalipika! Maaari kang makakuha ng **LIBRE O WALANG BAYAD** na tulong tungkol sa buwis.

Tawagan ang IRS sa telepono bilang **1-800-829-1040,** upang magkaroon ng karagdagang kaalaman.

Para sa karagdagang impormasyon o kaalaman:

_____

_____

_____

_____

_____

_____



Ang Pakinabang mula sa Salaping Kinita mula sa Paghahanapbuhay (EIC) at Buwis na Binayaran para sa Bata (CTC): Maaari Kang Magbayad ng Mababa para sa Iyong Buwis at Makakuha pa ng Salaping Ibabalik sa iyo mula sa IRS!

- Kung ikaw ay naghanapbuhay o nagtrabaho ng taong 2008 – buong araw/oras ("full-time") o kalahating araw/oras ("part-time") – maaari kang magpatala.
- Kahit na wala kang dapat bayarang buwis mula sa salaping iyong kinita mula sa paghahanapbuhay maaari ka ring makakuha ng pakinabang.

Kung mayroon kang mga batang tumira sa iyo ng mahigit na kalahating taon ng 2008:

- **Para sa EIC (Pakinabang mula sa Salaping Kinita mula sa Paghahanapbuhay),** kailangan na ang edad ng iyong mga bata ay mababa sa labingsiyam (19) na taong gulang ng taong 2008. (Maaaring ang edad ng isang mag-aaral ay mababa sa 24; kahit na anong edad para sa mga bata na mayroong permanente at walang lunas na kapansanan.)

- **Para sa CTC (Buwis na Binayaran para sa Bata),** ang gulang o edad ng mga bata ay mababa sa labingpito (17) sa taong 2008.

Kung wala kang mga batang nakatira o tumira sa iyo:

- Maaari kang makakuha ng pakinabang mula sa EIC, kung ang iyong edad ay nasa pagitan ng 25 at 64 ng taong 2008.

Magkano ang maaari kong kitain? Gaano kalaki ang maaari kong makuhang pakinabang mula sa aking buwis?

Para sa EIC, kung mayroon kang:	Kinitang salapi sa paghahanapbuhay na mababa pa sa:	Kunin o Magkamit ng EIC na aabot sa:
1 bata	$33,995	$2,917
2 o kaya ay mahigit pang mga bata	$38,646	$4,824
Walang mga bata	$12,880	$438
Para sa CTC, kung mayroon kang:	**Kinitang salapi na mahigit pa sa:**	**Kunin o Magkamit ng CTC na aabot sa:**
1 o kaya ay mahigit pang mga bata	$8,500	$1,000 bawat bata

Ang limitasyon ng kinitang salapi para sa mga manggagawang may asawa na itinalaga ng Pakinabang mula sa Salaping Kinita mula sa Paghahanapbuhay (EIC) ay $3,000 o mahigit pa.

Paano kung hindi ako mamamayan ng America (US Citizen)? Ang mga dayuhan na nagtrabaho at nakatugon sa iba pang mga panuntunan ay maaaring makwalipika.

- **Para sa EIC:** manggagawa, asawa at alinmang batang ipinatala ay nangangailangan ng balidong numero ng Social Security
- **Para sa CTC:** kakailanganin ang alinman sa dalawang ito: numero ng Social Security o numerong pang-indibidwal na galing sa pagbabayad ng buwis (Individual Taxpayer Identification Number: ITIN).

Ipatala ang Buwis Federal na binayaran (Federal Tax Return) at Magkamit ng EIC at CTC: Kumuha ng Libreng Tulong!

- Ang VITA – ang ibig sabihin ay Volunteer Income Tax Assistance – ay tumutulong sa mga tao kung paano gawin ang mga papeles na nauukol sa pagbabayad ng buwis ng libre.
- Mga sanay na mamamayan mula sa komunidad o bayan ang nagpapatakbo sa VITA. Para sa pinakamalapit na lugar mula sa inyo, tawagan ang telepono bilang 1-800-829-1040.

Kung ikaw ay naghahanapbuhay, maaari kang makakuha ng pakinabang mula sa binayarang buwis nang hindi mawawala ang iba pang pampublikong benepisyo na iyong tinatanggap.

Ang nakuhang salapi na ibinalik na galing sa EIC at CTC ay hindi kabilang sa halagang kinita mula sa paghahanapbuhay kung ikaw ay magpapatala upang makakuha ng pakinabang o kaya ay para sa pagpapanibago ng benepisyo katulad ng selyo sa pagkain (food stamps), SSI, tulong pang medikal (Medicaid), tulong na salapi, o kaya ay pampublikong pabahay. Ang ilang programang pangbenepisyo ay maaaring may limita o kaya ay may hangganan kung hanggang kailan mo maaaring itago sa bangko ang salaping ibinalik sa iyo.

Sa pamamagitan ng tseke na iyong tinatanggap mula sa iyong sahod, maaari mong makuha ang bahagi ng halagang ibabalik sa iyo na iyong pakinabang mula sa buwis na binayaran.

Ang ilang mga manggagawa ay maaaring makakuha ng paunang bayad mula sa EIC na isasama o idadagdag sa kanilang tsekeng tinatanggap mula sa kanilang sahod at isa pang muling tseke mula sa IRS pagkatapos nilang maipatala ang kanilang buwis na binayaran. Kumuha ng IRS Form W-5 mula sa inyong pinagtratrabahuan o kaya ay tawagan ang IRS sa telepono bilang 1-800-TAX-FORM (1-800-829-3676) o kaya ay sa *www.irs.gov.*